

PAGLIKHA NG PANDAIG- DIGANG KASUNDUAN SA EDUKASYON

MULA LOKAL TUNGONG GLOBAL

ISANG GABAY



YUGTO NG MGA GABAY

¡MGA PAARALAN • SEKUNDARYA • PREPARATORYO • UNIBERSIDAD •
MGA NGO AT IBA PANG MGA SAMAHAN



OIEC

OFICINA INTERNACIONAL DE LA EDUCACIÓN CATÓLICA
OFFICE INTERNATIONAL DE L'ENSEIGNEMENT CATHOLIQUE
CATHOLIC INTERNATIONAL EDUCATION OFFICE



CONGREGATIO
DE INSTITUTIONE CATHOLICA
(DE STUDIORUM INSTITUTIS)



Hinihingi ng papa sa atin ang isang mas mabigat na hamon... ang lumabas sa ating sarili at lampasan ang ating mga limitasyon... Ang pagkaisahin ang pinakamaraming tao at mga samahan hangga't maaari... ... Ibigay natin sa mundo ang pag-asang kanyang kinakailangan! (ph 10-11*)

Philippe Richard, secretary general of the International Office for Catholic Education



Ano ang kailangan nating gawin upang magkaroon ng mas malawak at global na pananaw? Magsagawa ng mga pagtitipon at dialogo na kumikilala sa ating pagkakaiba-iba. Magkaroon ng mga makabuluhang pagkilos na may mga tiyak na layunin at adbokasiya kasama ang iba't ibang kabalikat ng edukasyon (paaralan, pamilya, Simbahan, pamayanan, kumpanya, atbp) (ph. 229*).

Pedro Aguado Cuesta, superior general of the Order of the Pious Schools and president of Education Commission at the USG-SISG



Mula sa isang mas tiyak na pagtingin ng isang misyon ng kongregasyon patungo sa mas masaklaw na pananaw na misyon ng Simbahan (pagbabalik-loob). Ang iba't ibang kongregasyon ay kumikilos batay sa kanilang mga teolohiya o karisma ngunit walang (ph. 220).

María Isabel Moraza Herrán, superior general of the Conceptionist Sisters Teaching Missionaries



Ang isang malaking suliraning dapat harapin at matugunan ay ang hidwaan sa pagitan ng mga paaralan at mga pamilya na pumipilay (ph. 255)*.

Francesco Tonucci, ISTC del CNR ISTC del CNR and project manager "La città dei bambini"

*Mga ambag sa aklat na "Luces para el camino. Pacto Educativo Global. Hacia una educación de, con y para todos. Hacia una sociedad más fraterna, solidaria y sostenible" (OIEC, 2020). Ang aklat sa wikang Espanyol ay makukuha sa: www.e-sm.net/207401_01



Ang nagtuturong pamilya, ang nagtuturong Simbahan, ang mga nagtuturong samahan, ang mga nagtuturong mga kapitbahayan. May kakayahayan at potensiyal na magturo at matuto ang bawat isa, ang bawat kasapi ng komunidad. (ph. 251)*.

Daniel Ernesto Stigliano, coordinator of the programme Cátedras Scholas



Kailangan nating magsimulang kilalanin ang mga patunay, mga ebidensiyang nakapagpapaliwanag at kumukumbinsi. Sa aking palagay, napakahalaga na magkaroon ng kamalayan at kaalaman sa mga inobasyon sa edukasyon” (ph 267*).

Montserrat del Pozo Roselló, superior general of the Missionaries Daughters of the Holy Family of Nazareth



“Napapanahon na para magkaroon ng kasunduan sa isang pandaigdigang ugnayan sa edukasyon, ugnayan sa pagitan ng edukasyon at kabataan, sa mga nakatatanda, sa mga pamilya, sa mga pamayanan, sa mga paaralan at pamantasan, sa mga institusyon, sa mga relihiyon, mga pamahalaan, sa sangkatauhan”.

Papa Francisco, “Global Compact on Education”, 15 October 2020



“Isang paanyaya ito na magkaroon ng pagtalakay sa pagbuo ng isang mas mabuting hinaharap, para pagningasing muli ang pagmamahal sa pagkatuto... lumikha ng “mas makataong sangkatauhan”. May potensiyal itong magbunsod ng iba’t ibang ispesipikong pananaw at mga gawain... lumikha ng ugnayan... kailangan nating harapin ang bagong konteksto ng edukasyon nang may pag-iingat” (pages 28-32*).

Angelo Vincenzo Zani, secretary of the Congregation for Catholic Education

Kasunod ng paanyaya ni Papa Franciso, sa kanyang mensahe na ilunsad ang isang global na ugnayan sa edukasyon, ipinahayag niya ang pangangailangan sa isang “nagkakaisang pagsusumikap upang makamit ang isang mas malawak na ugnayan at pagkakaisa sa edukasyon (Global Compact on Education), na may layunin ding bigyang-halaga ang mga nakatatandang indibidwal, na may kakayahan at tungkuling lumikha ng mabuting relasyon at mas mapagkalinga, mapagmalasakit, pantay at maunawaing lipunan”.

INAANYAYAHAN NAMIN KAYO NA ISULONG ANG PAGLIKHA NG ISANG UGNAYANG PANG-EDUKASYON, MULA LOKAL TUNGONG GLOBAL

Narito ang ilang maikling mungkahing gabay para sa isahang pagkilos o malawakang pakikisangkot sa alyansa. tinukoy namin ang ilang yugto at mga gawaing maaaring isaalang-alang ng bawat Institusyon na maaaring maluwag na maisakonteksto, kabilang ang mga nabanggit at iba pang mga ideya. Sa dakong huli, hinihimok namin kayong ibahagi ang mga isinagawang hakbangin at ang mga natamong bungang tagumpay upang maging inspirasyon din sa iba at upang magkasama tayong humabi ng isang bagong realidad.



“Hinihimok ko kayo na magtulong-tulong na isulong, sa pamamagitan ng pandaigdigang ugnayang pang-edukasyon, ang inyong mga pagnanais at pagsusumikap na maaaring magbigay ng direksyon sa tunguhin ng isang mas mabuting at makabuluhang hinaharap”.

Mensahe ni Papa Francisco nang ilunsad Pandaigdigang Kasunduan sa Edukasyon noong ika-12 ng Setyembre 2019.

“Nais naming mangako na maglaan ng mga pagsusumikap at hakbang, mula sa mga bansang aming pinagmulan, na magkaroon ng mga gawaing pang-edukasyon, na maglaan ng aming mga kakayanan at magpasimula ng mga malikhain”.

Pope Francis, “Meeting to relaunch the Compact”, 15 October 2020



“Kailangan natin ng bagong adyenda, mga bagong pangako at pagnanais mula sa iba’t ibang sektor at bahagi ng lipunan tungo sa sa mas makabuluhang edukasyon... Binigyang-halaga ng UNESCO ang gampanin ng mga tao sa layunin nitong isulong ang uri ng edukasyong may kaka-yahang magpapanibago ng lipunan”.

Audrey Azoulay, director general of UNESCO, “Meeting to relaunch the Compact”, 15 October 2020



Pitong Pangunahing Mungkahi



Isentro ang mga tao sa bawat pormal at impormal na karanasan sa edukasyon; ang kanilang mga halagahin, dignidad, at kilalanin ang kanilang kakanyahan, ang kanilang kagan-dahan, ang kanilang katangian, ang kakayahan nilang makipagkapwa at makaugnay sa iba sa kabila ng magkakaibang katayuan.



Mangakong magsumikap na makatuklas ng ibang paraan upang unawain ang ekonomiya, pulitika, kaunlaran, at tiyakin na ang mga ito ay may layuning makatulong sa buong sangkatauhan.



Turuan ang sarili at ang iba na tanggapin at yakaping higit ang mga mahihina at binabalewala sa lipunan.



Isulong ang ganap na pakikilahok ng kababaihan sa edukasyon.



Pangalagaan at linangin ang tahanan nating lahat.



Itampok ang mga pamilya bilang siyang.



Makinig at bigyang-halaga ang tinig ng kabataan.

(Papa Francisco, Pandaigdigang Kasunduan sa Edukasyon, 15 Oktubre 2020)

Upang maisabuhay, malikha at maging posible ang pitong mungkahing ito sa iba't ibang aspekto at anyo ng edukasyon, ay naglathala ng vademecum na gagabay at magbibigay sa atin ng linaw sa mga paraan kung paano tayo makikilahok upang maisakatuparan ang kasunduang ito.



PARA KANINO?

Ang mga gabay at yugto ay para sa mga may mabubuting-loob na indibidwal at institusyon na may pag-nanais na makibahagi sa paglikha ng Pandaigdigang Kasunduan sa Edukasyon na naglalayong makalikha ng isang mas makatao, mapagmahal, maunawain at sustenableng edukasyon. Ilan sa mga mungkahing layunin ay ang sumusunod:

Unawain ang kahulugan at layunin ng Pandaigdigang Kasunduan sa Edukasyon na iminumungkahi ni Papa Francisco upang makapaglunsad din ng isang "Paaralang Proactive.

Maunawaan ang pangangailangan at halaga ng kasunduan, batay sa pansariling.

Suriin at talakayin ang mga higit na mahalaga at posibleng hakbang na maisasagawa batay sa kalagayang pang-edukasyon.

Unahin ang mga posibleng maisakatuparang.

Magpatupad at sumubok ng iba't ibang hakbangin o gawain.

Lumikha at magpaunlad ng kolaboratibong mga proyekto tungo sa pagbabago at lilingang sa uri ng edukasyon na makukuha mula sa mga paaralan na may kaugnayan sa mga akademikong layunin nito, kumiriklim, metodolohiya o kaparaan...



ANO ANG KAILANGANG GAWIN?

MAGTANONG: Upang pukawin ang mga pangarap at posibleng utopia. Mga halimbawa: Paano mo iniisip ang isang mas mabuti at makabuluhang edukasyon/pagkatuto? Paano tayo makapagtuturo nang mas mabuti (sa isip, puso at pagkilos)?

PAGSASAGAWA NG MGA PAGPUPULONG/TALAKAYAN, pagsusuri sa iba't ibang dokumento na may kinalaman sa Pandaigdigang Kasunduan sa Edukasyon, pagsasagawa ng iba't ibang focus group na gawain/talakayan.

PAGNINILAY, PAG-AARAL AT PAGLIKHA NG PAMANTAYAN AT MGA HAKBANGIN/GAWAIN batay sa Instrumentum Laboris na nilikha ng Congregation for Catholic Education.

AT sa iba pang mga dokumento at mga pag-aaral mula sa iba't ibang institusyon at mga taong nagsusulong ng Pandaigdigang Kasunduan sa Edukasyon. Ang aklat na "Luces para el camino. Pacto Educativo Global. Hacia una educación de, con y para todos. Hacia una sociedad más fraterna, solidaria y sostenible.

ANG MGA KALAKASAN, MGA PANGARAP AT PAG-ASA na nagmumumula sa mga mismong bahagi at kabahagi ng sistema ng edukasyon.

gusali ng pandaigdigang compact sa edukasyon



PAANO?

BUKAS NA ESPASYO (Harrison Owen, et al.)

Tumutukoy ito sa mga espasyo na nagsusulong ng kolaborasyon at partisipasyon mula sa mga taong kabilang dito. Mga espasyong humihimok na pagluluwal ng mga makabuluhang kaisipan mula sa maliit o malaking pangkat ng mga tao batay sa iba't ibang mahahalagang usapin. Ito ay nagbibigay-pansin sa kakayahan ng mga taong pamahalaan ang kanilang sarili sa paglikha ng mga kaisipan at inisyatiba.

DISENYO PARA SA PAGBABAGO (Kiran Bir Sethi)

Ang gawaing ito ay humihimok sa mga tao na maging produktibo at magsumikap na panibaguin at paunlarin ang kanilang mga pansariling kalagayan, panlipunan at pangkapaligirang konteksto. Mula edad tatlo, mga bata hanggang sa pagtanda nito, ito ay may kakayahan na tumukoy ng mga problema at kalakasan ng kanilang pagdanas sa pagkatuto o edukasyon, mga suliranin ng kanilang nararanasan sa lipunan at kapaligirang kanilang ginagalawan at batay sa pagkilala sa mga suliraning ito, ang kakayahan ding lumikha at mag-isip ng mga solusyon kasama ang ibang tao. Binubuo ito ng pagkilala ng mga suliranin o hamon at pagtugon dito sa kritikal at malikhaing paraan, habang nagmumungkahi ng mga posibleng hakbang na tutugon sa mga suliranin suliranin o hamong ito na naaayon sa Pandaigdigang Kasunduan sa Edukasyon at pagpapaunlad ng edukasyon, mga tao, lipunan at sa "Common Home".

MAPAGPAHALAGANG PAG-UUSISA (Miriam Subirana et al.)

Sa prosesong ito, hihikayatin ang mga kalahok na tuklasin ang mga bagay-bagay na mainam at gumagana para sa kanila sa pamamagitan ng pagtatanong ng mga "makapangyarihang katanungan," upang mapanatili at lalong malinang ang mga ito, bilang pagpapahusay at pagpapabuti pang lalo sa mga serbisyong ibinibigay ng mga institusyong pang-edukasyon. Ang bawat isang ay hinihikayat na magsalita, isa-isa, tapos ay magkakatuwang.

GROUP EXERCISES

- Phillips 66
- Brainstorming
- Whispering
- Guided discussion
- Technique 6.3.5

DRAGON DREAMING (John Croft)

Ang Dragon Dreaming ay isang meta-metodolohiya na gumagamit ng kombinasyon ng mga konsepto sa pamamahala ng proyekto at teoryang sistematiko. Ipinakilala sa metodolohiyang ito ang ilang mga ambag at konsepto mula sa ilang mga dakilang nilalang na nagpasimula ng pagbabago sa mundo tulad nina Gandhi, Paolo Freire, Carl G. Jung, Joanna Macy, Scott Peck, Arnold Mindell, Marshall Rosenberg, atbp., at iba pang mahahalagang karunungan pang-ekolohiya at iba pang mga sinaunang kaalaman mula sa Australian Aborigines. Sa pamamagitan ng metodong ito ay nagkakaroon ng komprehensibong disenyo ang mga proyekto na nagbibigay-pansin sa mas maraming aspekto ng buhay.

Nakabatay sa tatlong pangunahing kaisipan ang Dragon Dreaming; pansariling pag-unlad (Paghilom at pagbibigay-pansin sa kakayahan/kalakasan ng indibidwal), paglikha ng pamayanan (pagpapatibay sa ugnayan ng indibidwal sa kanyang pamayanan) at pagsisilbi sa kalikasan(pagsulong sa kapakanan at pangangalaga sa lahat ng anyo ng buhay).

Naangkop ang metodong ito sa indibidwal o maging sa malaking grupo, mga proyekto at organisasyon. May apat na yugto ito: Pangangarap, Pagpapalano, Pagkilos at Pagdiriwang. Nahahati rin sa apat na yugto ang bawat isa, sa kabuuan ay mayroong labindalawang (12) yugto. Kapag nakumpleto ito ay magkakaroon ng isang mas malaking pagdiriwang, magkakaroon ng pagkakataon para magnilay. Nagkakaroon ng mas ganap na pagkatuto sa metodong ito. Ang mga taong kabilang ay nabibigyan din ng pagkakataon na makaangkop sa mga pagbabago sa kanyang paligid.

METODONG GROW MODEL (John Whitmore)

Ninilang ng metodong GROW model ang kakayahan ng indibidwal na lumutas ng suliranin, magtakda ng layunin at maghanap ng resulta o bunga. Karaniwan itong ginagamit ng iba't ibang samahan o kumpanya sa mundo sa kanilang mga pagsasanay(training). Nahahati rin ito sa apat na yugto, bawat yugto ay may katanungan na naglalayong gabayan ang indibidwal sa layunin ng modelong ito. Sa unang bahagi ng gawain, ang mga tanong ay ibinibigay batay sa naitakdang pagkakasunod-sunod nito. Sa mga susunod na bahagi ay maaaring magbago ang pagkakasunod ng mga katanungan. Batay sa akronim nito sa Ingles, ito ay Goal; reality; obstacles/options; will.



SAAN TAYO MAKAAHANAP NG INSPIRASYON?

- Panawagan ni Pope Francis, 19 Setyembre 2019: www.e-sm.net/207401_02
- Instrumentum Laboris sa Pandaigdigang Kasunduan sa Edukasyon: www.e-sm.net/207401_03
- Opisyal na website ng Pandaigdigang Kasunduan sa Edukasyon: www.e-sm.net/207401_04
- Vidyo Mensahe ni Pope Francis sa pulong sa muling paglulunsad ng Kasunduan, 15 Octubre 2020: www.e-sm.net/207401_05
- Luces para el camino. Pacto educativo global. Hacia una educación de, con y para todos. Hacia una sociedad más fraterna, solidaria y sostenible: www.e-sm.net/207401_01
- UISG Seminar: Ang Pandaigdigang Kasunduan sa Edukasyon: pagkakataong maturuan sa kapatiran at paninindigan: www.e-sm.net/207401_06
- Pangako ng OIEC sa Pandaigdigang Kasunduan sa Edukasyon: www.e-sm.net/207401_07
- Pakikilahok sa Pagpupulong sa muling paglulunsad ng Pandaigdigang Kasunduan sa Edukasyon: www.e-sm.net/207401_08
- Encyclicals Laudato si' and Fratelli tutti: www.e-sm.net/207401_09 ; www.e-sm.net/207401_10
- UN 2030 Layuning Mapanatili ang Kaunlaran: www.e-sm.net/207401_11



UNANG YUGTO

PAGLIKHA NG KASUNDUAN sa PAARALAN

PAARALAN • SEKONDARYA • PREPARATORYO • UNIBERSIDAD • NGO •
GRUPO • ASOSASYON



“Upang mapagbuti ang edukasyon, kinakailangan nating maisaalang-alang ang programa ng buhay na iniaalok natin sa ating mga mag-aaral: kinakailangang maturuan sila bilang mga kinatawan ng pagbabago at pagpapanibago sa isang malabong hinaharap na walang sinumang makahinuha, upang maging mga mamamayan sila ng mundo na may kakayahan at tapang na magtrabaho sa isang mundong may higit na pagkakapatiran, patas, at matulungin” (page 245*).

Augusto Ibáñez Pérez, corporate manager of education at SM

SINO'NG MAKAKASAMA?

Mahalagang magsimula sa mismong mga entidad pang-edukasyon, kasama ang lahat ng mga bumubuo rito: mga mag-aaral, guro, mananaliksik, animators.

- Maaaring magsimula kahit pailan-ilan lamang; kalahok ang iba't ibang mga kinatawan sa pagninilay at paghahanap; magkahiwalay:
- Sunod, o mula sa simula, maaaring tugunan na ang mga nasabing pagninilay at paghahanap; magkakasama na ang mga kinatawan.
- Maaari magkaroon ito ng estruktura, gawing mas sistematiko at progresibo ang mga pagpupulong, o napagplanuhan, upang mas mapag-aralan at makapagdebate, kung kinakailangan, upang mas lalong makilahok sa pagbubuo ng mga Kasunduan, habang magkakasamang tinutukoy ang mga magiging pamantayan at isasagawang pagkilos
- Subalit maaari din naman minsanan, paisa-isang mga pagpupulong na may maluwag at mas malayang pormat. Maaaring maging daan ang mga pagpupulong na ito upang pag-usapan ang mga alituntunin.

Kailangang makalikha ng pinakamabisang aksyon, sa paaralan, Komunidad ng Pagkatuto, upang mahimok ang partisipasyon at transpormasyon ng edukasyon at koekstensya nito... pati na rin ang sanayin ang mga kinatawan ng edukasyon sa pamamagitan ng pagbabalik-tanaw sa kanilang mga nakasanayan. Para sa iba pang impormasyon: www.e-sm.net/207401_12.

IKALAWANG YUGTO

PAGLIKHA NG KASUNDUAN KASAMA ANG IBA PANG MGA PAARALAN SA LUNGSOD

PAARALAN • SEKONDARYA • PREPARATORYO • UNIBERSIDAD • NGO • GRUPO • ASOSASYON



“Imbitahan ang bawat lokal na Katolikong Paaralan: ang Sangguniang Panglungsod, mga paaralan, mga asosasyon, samahan ng mga manggagawa, partido politikal, atbp. Sa bawat bayan, dapat makabuo rin ng sariling lokal na Kasunduan” (page 185*).

Cristóbal López, cardinal and archbishop of Rabat and president of The Catholic Education from Maroc

SINO'NG MAKAKASAMA?

Dito sa pangalawang yugto, kailangan nating lumabas sa mga bakuran ng mismong paaralan at kilalanin ang iba pang mga paaralan sa ating komunidad, distrito o bayan, upang magtulongan... magbalik-tanaw sa mga pangangailangan at halaga ng Kasunduang Pang-edukasyon, pagpapalitan ng mga pangarap at pag-asa, pag-usapan ang mga pamantayan at proyektong kailangang gawin ng mga kasaling paaralan, upang matuto hindi lamang mula sa teorya kundi pati rin sa praktika.

- Mga pagpupulong, na iba't iba ang laki at uri, kasama ang mga kinatawan sa iba't ibang mga paaralan sa komunidad o lungsod: bata/kabataan; mga guro; managers; pamilya, at iba pang mga katuwang.
- Kasama ang iba pang mga paaralang Katoliko at di-Katoliko, mula sa ating institusyon o iba pa, kabilang ang Preschools, Secondary Education School, Preparatory School o Unibersidad sa ating nasasakupan.
- Ang mga nakabalangkas na pulong, planado at hindi, minsanan, manaka-nakang pagpupulong.
- Tuwing kalagitnaan ng linggo tuwing hapon.
- Pormat: Mga pagpupulong-retreats; Open Space; mga talakayang Roundtables na may sapat na oras para sa diskusyon.
- Makalikha at makagawa ng ugnayan sa mga paaralan, mga guro.
- MGA NETWORK NG PAARALAN.



IKATLONG YUGTO

PAGLIKHA NG KASUNDUAN KASAMA ANG SANGGUNIANG LUNGSOD

PAARALAN • SEKONDARYA • PREPARATORYO • UNIBERSIDAD • NGO • GRUPO • ASOSASYON




“Nananawagan kami lalo na sa kalalakihan at kababaihang nasa mga larang ng kultura, siyensiya at isports, mga artista, mga nasa propesyon ng media, sa lahat ng panig ng mundo, upang maging sila ay makalagda rin sa Kasunduan, kabilang ang kanilang sariling mga testimonya at gawain, ay maging mga ambasadador ng mga pagpapahalang pagkalinga, kapayapaan, katarungan, kabutihan, kagandahan, pagtanggap at kapatiran. Hindi natin maaaring asahan na manggagaling ang lahat mula sa mga namamahala sa atin; isip-bata naman ang ganun”.

Papa Francisco, Pulong sa Pandaigdigang Kasunduan sa Edukasyon, 15 Octubre 2020

SINO'NG MAKAKASAMA?

- Kasama ang sangguniang panglungsod: baryo, distrito, komunidad o lungsod.
- Kasama rin ang iba pang sektor dito: parokya at iba pang mga simbahan (Jews, mosque, atbp), mga asosasyon sa komunidad, atbp, mga NGO, partido politikal, mga alkalde at konsehal ng lungsod
- Nakabalangkas na mga pagpupulong, planado at hindi, o minsanan, manaka-nakang pagpupulong...
- Sa hiwalay na sektor o pinagsama
- Iba't ibang pormat ng pulong; interbyu; mga pulong ng maliit at malaking samahan; roundtables at diskusyon; mga pagdiriwang na mangangarap ang lahat
- Pataasin ang kamalayan sa mga pandaigdigang pagkilos kasama ang mga **LUNGSOD NA NAGTUTURO** na maaari nating makasanib-pwersa upang tunay na magkasundo.

OANO-ANO ang mga kasama sa Lungsod bilang malawak na Paaralan? Sa maikling paha-yag, may dalawang pagdaigdigang inisyatiba na may kaugnayan sa mga lungsod na nagtuturo. Bisitahin ang kanilang website, upang makahagip ng inspirasyon mula sa mga tema kaugnay ng pagbuo ng Pandaigdigang Kasunduan sa Edukasyon mula sa Sangguniang Panlungsod.



ANG LUNGSOD NG PAGKATUTO

Ipinahahayag namin na upang mapalakas ang mga mamamayan, maunawaan bilang residente ng mga lungsod at komunidad, kailangan natin silang bigyan ng akses at hikayatin silang gamitin ang lahat ng pagkakataon para sa pagtatamo ng mga katutunang panghabambuhay. Naniniwala kaming napagbubuti ng pagkatuto ang kalidad ng buhay, napa-gkakalooban nito ang mga mga mamamayan ng mga mahahalagang kaalaman at kasana-yan upang makita at harapin ang mga bagong pagsubok, at tinutulungan sila na mailatag ang mga pundasyon para sa mas mainam at mas sustenableng lipunan...

Nakikita naming magagawa ng mga lungsod ng pagkatuto na mapalakas ang mga indibidwal, makabuo ng mga lipunang nagkakaisa, maisulong ang lalong pakikilahok ng mga mamamayan, pabilisin ang pag-unlad ng ekonomiya at kultura, at maglatag ng pundasyon ng matatag na kaunlaran. Epektibong mapakikilos ng mga Lungsod ng Pagkatuto ang mga rekurso sa lahat ng sektor upang: maisulong ang inklusibong pagkatuto mula elementarya hanggang sa mataas na antas; mapasigla ang pagkatutong nagmumula sa pamilya at komunidad; pagaangin ang pagkatuto sa at maging sa kanilang mga trabaho; palawigin ang paggamit ng teknolohiya sa pagkatuto; mapabuti ang kalidad ng pagkatuto at kahusayan; himukin ang kultura ng panghabambuhay na pagkatuto”.

UNESCO Pandaigdigang Ugnayan sa Lungsod ng Pagkatuto, Guiding Documents, 2015

MGA LUNGSOD BILANG MALAWAK NA PAARALAN

“Tumatagos ang edukasyon sa mga haligi ng paaralan patungo sa buong lungsod... Ang layunin ay ang patuloy na pagkatuto, inobasyon, pakikibahagi, at, samakatuwid, sagana at gawing ligtas at disente ang buhay ng mga mamamayan... Kailangan ng mga lungsod bilang malawak na paaralan na sanayin at paunlarin ang tungkulin ng edukasyon kasabay ang pangkaraniwang usapin (ekonomiya, lipunan, politika at pagbibigay serbisyo), makapagpokus sa pagsasanay, pagpapakilala at pagpapaunlad sa kahit anong edad ng tao, upang marating ang panghabambuhay na pangangailangan sa edukasyon at sa lahat ng anggulo ng kanilang buhay”.

International Association of Educating Cities, “Preamble” to the Charter of the educating cities

Para sa karagdagang impormasyon:

www.e-sm.net/207401_13 www.e-sm.net/207401_14
www.e-sm.net/207401_15 www.e-sm.net/207401_16



IKAAPAT NA YUGTO

PAGLIKHA NG KASUNDUAN SA NASYONAL AT INTERNASYONAL NA ANTAS

PAARALAN • SEKONDARYA • PREPARATORYO • UNIBERSIDAD • NGO • GRUPO • ASOSASYON



“Ito ang alyansa sa pagitan ng mga naninirahan sa Mundo at ang “Tahanan ng Lahat”, na pinili nating kalingain at igalang. Ang alyansa na magiging daan sa kapayapaan, katarungan at pagtanggap mula sa”.

Pope Francis, *“mensahe para sa paglulunsad ng Pandaigdigang Kasunduan sa Edukasyon noong 12 Setyembre 2019*

NA MAY?

Sa yugtong ito, ang mga paaralan at kanilang mga kinatawan, kabilang sa ugnayang nasyonal at internasyonal na sentro ng edukasyon, ay sabay na magtatrabaho kasama ang iba pang mga sangay upang makamit ang Pandaigdigang Kasunduan sa Edukasyon.

- Nakikisangkot at lumilikha sila ng ugnayang nasyonal at internasyonal, magkakasabay na nagninilay at nagkakasundo sa mga pamantayan at nagkakaisang pagkilo, nanganakong susundin ang mga ito at isasapraktika.
- Lumilikha o nagbabahagi ng mga proyekto para sa pagpapaunlad, na kanilan ring isinasagawa upang matuto rin sila mula sa mga ito ... at humihikayat din sa iba na sumali at makisangkot.
- Humihikayat at nakikipag-ugnayan sa mga lokal na pamahalaan.
- Nagdedebate sila, nagsisikap na makabuo ng konsensus, nakikipagtulungan sa iba pang mga kinatawan ng mga samahang kultural, pang-ekonomiya, pulitikal, panrelihiyon, mga unyon ng manggagawa, mga nasa isports, mga kilusang panlipunan at pangkapaligiran.
- Gumagamit ng tradisyonal at social media, upang mapaunlad ang edukasyon at nang maipaabot ito sa lahat na.
- Pinapalitan nila ang paradigma ng indibidwal at kompetisyon sa paradigma ng kolaborasyon. Nagagawa rin nilang paglakabayin ang mga guro sa mga kanayunan at mga komunidad.
- NAKIKISANGKOT sa mga lokal, pambansa at pandaigdigang ugnayan.

Bahaginan ng proyekto

Walang dudang kayang tuparin ng Sentro ng Edukasyon ang iba't ibang uri ng pagkilos upang muling maitayo ang Alyansa ng Edukasyon. Inaanyayahan ka namin na ibahagi yaong tunay na inspirasyon, upang maliwanagan at maganyak din ang iba. Maaari naming ibahagi ang mga paraan; matatagumpay na pagtitipon; mga programa; mga napagkasunduang pamantayan; mga proyektong magkasamang-nilikha at natapos.



Maaring nating pangkatin ang mga ito sa 6 na tematikong erya:

1. Dignidad at Mga Karapatang Pantao
2. Pagkakapatiran at Pakikipagkaisa
3. Teknolohiya at Intergral na Ekolohiya
4. Pagmumulat at Pagtataguyod ng Kapayapaan at Responsableng Pagkamamamayan
5. Kultura at mga Relihiyon
6. Iba pang mga usapin (o paksa)

Sa anong pormat ng pagbabahagi sa kanila?

- Buod ng vidyo, 3 hanggang 5 minuto ang haba.
- Tekstong Blog, buod ng mga istorya ng pagbabalik-tanaw at panukalang pagbabago.
- Podcast, na nagpapaliwanag ng mga natapos na gawain nang sama-sama at napagtagumpayan.

Saan ito maibabahagi sa kanila?

Maaaring ipadala ang aming mga karanasan sa: pac-toglobal@lasallescampus.es. Pati, sa anumang mga katanungan at suhestyon, kontakin lamang si: Juan Antonio Ojeda Ortiz (ja.ojeda@lasallescampus.es) o si Béatrice Linn (secretary@oiecinternational.com).





“Ngayong pandemya, kung kailan natin natuklasan sa ating mga sarili, lalo na ang katotohanan, minsan pa, na kinakailangang maging malay tayo sa ating mga kahinaan at karupukan bilang mga nilalang. Magkakasama tayong bumubuo ng nag-iisa at magkakaugnay na pamilya, at umaasa tayo sa isa’t isa. Ito, kung gayon, ang dahilan kung bakit may panawagang kailangang ipagpalagay natin ang pagkakapatiran bilang isang dimensiyong antropolohikal; upang tanggapin ang ating kapwa bilang kapatid na pinagkakautangan nating mahal in at kalingain, katulad rin ng ating pakikipagtulungan upang matamo ang kaganapan ng ating mga dignidad. Ipinagkatiwala sa atin ang handog ng paglikha, pinagkalooban” (p. 235*).

Yvonne Reungoat, mother general of the Institute of the Daughters of Mary Help of Christians

“Hindi na natin magagawang maipagwalang-bahala pa ang krisis sa pagkatutong ito sa pamamagitan nang kawalang-pagkilos o pagtangkang man tugunan i ng mga programang sabog-sabog. Lubhang napakahalaga at sadyang kinakailangang magkaisa na ang mga mananampalataya mula sa iba’t ibang paniniwala at mga kultura at magbuklod bilang isang pamayanang global. Naniniwala akong ang isa sa pinakamahasag na estratehiya upang mapagtagumpayan ang anumang pagtutol sa kasunduan (kung sakaling mayroon man) ay ang pagsasaalang-alang ng katulad ng mga nakasaad na sa ilang bahagi ng panukalang kasunduan: ang pagtuon sa tao bilang sentro sa halip na sa ideolohiya; at sa paglilingkod sa halip na sa pagkontrol” (p. 230*).

Robert Schieler, superior general of De La Salle Brothers

211000



8 435240 571041



fundación sm